student transit pass

Alameda County Transportation Commission



# Sumakay sa Bus ng LIBRE gamit ang Student Transit Pass!

**Ang mga kuwalipikadong estudyante sa baitang 6 hanggang 12 ay maaaring makakuha ng:**

- **Walang limitasyon na libreng sakay sa mga bus sa Alameda County**
- **50% diskuwento sa BART at mga diskuwento sa iba pang mga sistema ng transportasyon**
- **Mas madaling akses sa paaralan, trabaho, at iba pang mga gawain**

**Mag-apply Dito**

## Paano ito gumagana:

1. **Mag-sign up online:** I-scan ang QR Code o bisitahin ang link sa ibaba. Ihanda ang iyong student ID number, at humingi ng tulong sa isang tagapangalaga para sa virtual na pirma.
2. **Kunin ang iyong pass:** Ipadadala ito sa iyong paaralan o idadagdag sa iyong kasalukuyang Youth Clipper card.
3. **Magsimulang sumakay ng libre!** I-tap lang ang iyong card (o telepono) sa reader kapag sumasakay.

**Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: bit.ly/studenttransitpass**

ALAMEDA County Transportation Commission



student transit pass
Alameda County Transportation Commission

# Mga Madalas na Itanong

## Sino ang maaaring kumuha ng Student Transit Pass?

Maaaring mag-apply para sa libreng Student Transit Pass ang mga estudyante sa mahigit na 160 paaralan sa Alameda County. Ang iyong pagiging kuwalipikado ay nakabatay sa distrito ng iyong paaralan.

**Pangkalahatang Kuwalipikasyon:**
Lahat ng estudyante mula baitang 6 hanggang 12 sa Emery Unified, Livermore Valley Joint Unified, Alameda County Office of Education, at Oakland Unified ay maaaring makakuha ng pass.

**Means-Based Eligibility:**
Ang mga estudyante mula baitang 6 hanggang 12 sa lahat ng iba pang mga distrito ng paaralan sa Alameda County ay maaaring makakuha ng pass kung kanilang maaabot ang mga pamantayan sa kita para sa libre o may diskuwentong pagkain. Kasama sa mga distrito na ito ang:

| | |
|---|---|
| Alameda Unified | New Haven Unified |
| Albany Unified | Newark Unified |
| Berkeley Unified | Pleasanton Unified |
| Castro Valley Unified | Piedmont Unified |
| Dublin Unified | San Leandro Unified |
| Fremont Unified | San Lorenzo Unified |
| Hayward Unified | |

## Gaano katagal bago matanggap ang pass?

- **4-6 na linggo** bago maipadala ang iyong pass sa tagapangasiwa ng iyong paaralan. (Maaaring magkaroon ng pagkaantala sa simula ng taon ng paaralan at kapag walang pasok.)
- **2-4 na linggo** kung mayroon ka nang Youth Clipper card at idadagdag mo ang serial number sa iyong aplikasyon.

## Paano ko gagamitin ang pass?

- Kapag nakuha mo na ang card, irehistro ito online sa Clipper.
- Maaaring gamitin ang plastik na card o i-upload ito sa iyong smartphone. (Kapag na-upload na, hindi na gagana ang plastik na card.)
- Magsimulang sumakay ng libre sa mga lokal na bus! I-tap lang ang iyong card o telepono sa reader. Sa unang beses na gagamitin, maaaring kailanganin na i-tap ito nang ilang beses.

## Kailangan ko bang mag-apply muli bawat taon?

Hindi! Kapag nakuha mo na ang iyong pass, maaari mo itong gamitin hanggang makatapos ka ng high school.

- Kung **mawala ang iyong card**, sundin ang mga hakbang sa seksyon na "Palitan ang Iyong Pass" sa aming website upang makakuha ng bago.
- Kung **tumigil sa paggana** ang iyong pass, kausapin ang tagapangasiwa sa iyong paaralan o kontakin kami sa aming website.

**Karagdagang Impormasyon**

**Para sa karagdagang impormasyon, i-scan ang QR code sa harap ng flyer na ito!**

AC Transit | Union City transit | Tri-Valley Wheels